# Tunay na ang mga puso ng mga anak ni Adan, ang lahat ng mga ito, ay nasa pagitan ng dalawang daliri ng [Panginoong] Napakamaawain gaya ng iisang puso, na nagbabaling-baling Siya nito saan man Niya loloobin

Ayon kay `Abdullāh bin `Amr bin Al-`Àṣṣ (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Siya ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Tunay na ang mga puso ng mga anak ni Adan, ang lahat ng mga ito, ay nasa pagitan ng dalawang daliri ng [Panginoong] Napakamaawain gaya ng iisang puso, na nagbabaling-baling Siya nito saan man Niya loloobin." Pagkatapos nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Allāhumma muṣarrifa -lqulūbi ṣarrif qulūbanā `alā ṭā`atik. (O Allāh, ang Tagapagpatnugot ng mga puso, magpatnugot sa ng mga puso namin sa pagtalima sa Iyo)."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga puso ng mga anak ni Adan, ang lahat ng mga ito, ay nasa pagitan ng dalawang daliri ng [Panginoong] Napakamaawain gaya ng iisang puso, na nagpapatnugot Siya nito saan man Niya loloobin. Kung loloobin Niya, magpapanatili Siya rito sa totoo; at kung loloobin Niya, magpapaliko Siya rito palayo sa totoo. Ang pagpapakapatnugot Niya sa lahat ng mga puso ay gaya ng pagpapakapatnugot sa iisa, na walang umaabala sa Kanya (kaluwalhatian sa Kanya) na isang bagay sa halip ng isang bagay. Pagkatapos dumalangin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O Allāh, ang Tagapagpatnugot ng mga puso minsan sa pagtalima at minsan sa pagsuway, at minsan sa pagkaalaala at minsan sa pagkalingat, magpatnugot Ka ng mga puso namin sa pagtalima sa Iyo."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee